

## **Pagpapalawak ng suporta sa COVID para sa lahat ng Albertans**

Pebrero 01, 2021 [Media inquiries](#)

---

Ang lahat ng mga Albertans ay karapat-dapat na makatanggap ng suporta para sa paghihiwalay ng sarili upang makatulong na limitahan ang pagkalat ng COVID-19.

Bago ang pagpapalawak na ito, ang mga Albertans sa Edmonton at Calgary lamang ang karapat-dapat sa pagbabayad ng \$ 625 kapag makumpleto nila ang paghihiwalay sa sarili sa kanilang itinalagang hotel.

Ngayon, ang mga Albertans sa buong lalawigan - kasama ang mga indibidwal na First Nations na naninirahan sa reserve o sa labas at mga taong nakatira sa Metis Settlement na hindi maaaring ihiwalay nang ligtas sa kanilang sariling tahanan - ay karapat-dapat.

Pagkaroon ng referral ng Alberta Health Services, ang mga Albertans na dapat ihiwalay o quarantine at hindi maaaring gawin ito nang ligtas sa bahay nila ay karapat-dapat na mapanatili ng walang bayad sa silid ng hotel hanggang 14 na araw, kasama na rin ang pagkain na naaangkop sa kultura at iba pang mga suporta.

Ang mga Koponan ng Pangangalaga (Covid Care Teams) ay magpapatuloy na magbigay ng mga suporta at interbensyon para malimitahan ang pagkalat ng virus. Ang mga suporta ay kasama ang pakete ng pangangalaga na may mga maskara, sanitayser at impormasyong isinalin sa maraming wika. Magkakaroon din ng ligtas na transportasyon sa mga pasilidad sa pagsusuri at pagtatasa ng COVID-19.

“Ang pagpapalawak ngayon ay nabubuo sa mabisang pagsisikap sa pag-abot ng mga Koponan ng Pangangalaga. Kahit ano man ang kanilang kinikita, kung saan komunidad sila nakatira, o ano man ang kanilang wika o salita, ang lahat ng mga Albertans ay dapat maihiwalay nang ligtas upang maprotektahan ang kanilang sarili, kanilang mga pamilya at kanilang mga kapitbahay mula sa COVID-19. Ang pagbabawas ng pagkalat ng Covid-19 ay nangangahulugang

### **Multimedia**

[Watch the news conference](#)  
[View event photos](#) (*will be available after the event*)

### **Media inquiries**

**McKenzie Kibler**

780-203-1487

Press Secretary, Municipal Affairs and Transportation

**Joseph Dow**

780-983-8714

Press Secretary, Indigenous Relations

mababawi natin ang ating ekonomiya sa dati habang prinoprotektahan ang ating buhay at kabuhayan.”

*Ric McIver, Minister of Municipal Affairs*

“Ang pagpapalawak ng mga suporta sa paghihiwalay upang isama ang mga tao sa First Nations at Metis Settlements ay nararapat lang gawin. Ang bawat isa ay dapat magkaroon ng pagkakataong ihiwalay nang ligtas ang sarili at mabigyan ng suportang pampinansyal upang masakop ang mga gastos habang nagpapagaling sila.”

*”Rick Wilson, Minister of Indigenous Relations*

“Ang aming komunidad ay nangangailangan ng ganitong uri ng suporta upang ihinto ang pagkalat ng COVID. Bilang nanggaling sa isang partikular na lugar na sobrang napinsala, nagpapasalamat kami sa probinsya sa pagbibigay ng paraan sa aming mga residente na makakuha ng lugar na makahiwalay nang ligtas. Ang pagkakaalam nila na mababayaran lahat ng gastos kapag nagkasakit sila ay isang mundong pagkaiba para sa Samson Cree Nation at lahat ng mga komunidad ng Katutubo.”

*Chief Vernon Saddleback, Samson Cree Nation*

Ang gobyerno ng Alberta ay tumutugon sa COVID-19 pandemya sa pamamagitan ng pagprotekta sa mga buhay at kabuhayan ng tumpak na mga hakbang upang mabaluktot ang kurba, mapanatili ang maliliit na negosyo at protektahan ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan ng Alberta.

### **Mabilis na katotohanan**

- Ang programa ng Koponan ng Pangangalaga (COVID Care Team) ay inilunsad noong Disyembre 2020 bilang pinagsamang paraan upang maabot ang mga komunidad na may mataas na antas sa pagkalat ng COVID-19.
- Ang Gobyerno ng Alberta ay gumawa din ng isang pag-abot na kampanya upang maiparating nang direkta ang mahalagang impormasyon sa kalusugan ng publiko sa mga Albertans na maaaring may hadlang sa wikang Ingles sa pamamagitan ng pinalawak na pag-access sa mga isinalin na materyales at iba pang mga suporta.
  - Hinahatid ang mga mensahe sa 10 wika sa pamamagitan ng advertising sa radyo, telebisyon at print, pati na rin sa pamamagitan ng iba't ibang mga channel ng social media at mga platform sa web.
- Mula nang mailunsad ang Koponan ng Pangangalaga at kampanya sa pag-abot noong Disyembre 15, higit sa 850 na Albertans ang nakakuha ng tirahan sa hotel para sa paghihiwalay ng sarili.